REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO
BAYAN NG BONGABONG

HULYO 10, 2023

DENR MIMAROPA
RECORDS SECTION
RECEIVED
JUL 1 1 2023
☐ INCOMING ☐ OUTGOING
BY: ________ DATS NO. ________
TIME:

DEPARTMENT OF ENVIRONMENT & NATURAL RESOURCES
RECORDS MANAGEMENT DIVISION
RECEIVED
JUL 1 1 2023
Sign: [illegible] Time: 12:10

Kgg. Maria Antonia Yulo-Loyzaga
Kalihim ng DENR

Madam,

Ako po si DARILYN MORAL GALLOS, may asawa, may sapat na gulang at kasalukuyang naninirahan sa Sagana Bongabong Oriental Mindoro,

Ang akin pong ama na si Florentino M. Moral ay may iniapply na lupa na isang pang publiko sa Sitio Maranog Sagana Bongabong Or. Mindoro na may lot no. 43 at nagkaroon ng approved plan na Csd-04-000574 na may sukat na 5.5899 hecktarya. (kalakip po ang sipi). Di umano po ay hindi pa ito natituluhan bagamat kumpleto na ang application noon pang 1976.

Bilang isa po sa pitong (7) tagapagmana ng lupa, ay ipinapalagay namin na dahil nagkaroon na ito ng Survey Authority noon pang 1975 pabor sa aming ama ay dapat nabibilang na ito sa incomplete titled property. Nakapag request na din po ang aming ama (Florentino M. Moral sa noon ay ~~District~~ pa District Land Office No. IV-A-6 ng titulo. (kalakip po ang sipi). Ito po ay Government Project ng DENR at LRA noong 1976.

Na ang totoo po ay doon na po kaming magkakapatid lumaki at ipinanganak at doon na din namatay ang aming ama (kalakip po ang Death Certificate)

Nagkaroon po kami ng suliranin noong bago mamatay ang aking ama ay nangako siya na bibiggyan ng 1.5 hektarya ang kanyang may sakit noon na kapatid na si Antonio Moral, dahil wala siyang lupa. Napundar na po lahat ng lupa ng aking ama bago dumating ang kanyang kapatid mula sa Romblom noong 1978.

Noon pong ika 11 ng Agosto 1994 ay nakiusap sa amin sina Aurora Moral (asawa ni Antonio Moral) at Jose Moral (anak ni Antonio) na magkaroon ng KASULATAN NG PAGLILIPAT NG KARAPATAN NG LUPANG WALANG TITULO. Dahil po batid namin na ibinigay na ito ng aming ama ay nagkasundo kaming magkakapatid na pumirma kahit nilagyan nila ito ng halaga na totoo ay walang perang ibinayad. Mapapansin po na hindi ito pinirmahan ni G. NESTOR N. CUASAY (Special Investigator 1) dahil sa (1) Maaring may titulo na daw ang lupa at magiging hindi na sakop ng kanilang Hurisdiksyon (2) Nagkaroon na ito ng approved plan sa pangalan ni Florentino Moral (in perfect title) (3) kailangang magkatitulo muna bago hatiin dahil approved plan na ito at kailangang may titulo na ipipresenta sa Region o LRA bago magkaroon muli ng approved Plan na panibago kung ibabawas ang 1.5 hektarya na ipinangako ng aming ama na si Florentino Moral. (kalakip po ang sipi)

Noon pong Marso 7, 2005 ay ipinatawag kami ng naging kabilang panig na si Divino Moral na labis kaming nagtaka dahil sa patawag po ay kami ang naging protestant at sila ang respondent samantalang sila ang nagpatawag. (kalakip po ang sipi). Divino Moral taga Batangas po.

Ito po ay dahil noong Pebrero 21, 2005 ay hinarang namin sila sa pagpapasukat nila na si Noli Fillarca ang nagsukat. Ito ay dahil sa 2.8 hectarya na ang sinusukat samantalang 1.5 hektarya lamang ay ibinibigay namin dahil ito lamang ang pangako ng aming Ama.

Nitong Hunyo 26, 2023 ay binalak naming ipasukat ang kabuuan ng lupa at maihiwalay na ang 1.5 hektarya na ipinangako ng aming ama subalit hinaharang nila kami. Kasama po namin ang Geogetic Engineer na si Engr. Nonilon Caagbay at representative ng CENRO na si Rodel Montealegre. Dahil hindi rin po kami magkasundo ay nagsiuwian na kami.

Mahal naming kalihim Maria Antonia Yulo-Loyzaga, nakikiusap po kami na magkaroon na ng titulo ang kabuuan ng lupa (Heirs of Florentino M. Moral) upang kung magkakaroon ito ng titulo ay doon na ibawas ang ipinangako ng aming ama (Florentino Moral) sa kanyang kapatid (Antonio Moral). Ito po ay dahil ito po ang alam naming paraan upang maging maayos na ang lupa na pinagtatalunan naming magpipinsan. Ito rin po ang alam naming legal na paraan para sa pagsasaayos ng lupang ito.

Sumainyo po lagi ang Pagpapala ng Ating Dakilang Lumikha

Lubos na Gumagalang,

DARILYN MORAL GALLOS

Copy furnished:

1) Regional ~~Environmental~~ Executive Director (MIMAROPA)


2) Provincial Environmetal Officer (PENRO)

3) CENRO Roxas Or. Mindoro

B. L. Form No. 1000 V-18-(70)

FOR REFERENCE ONLY

myuegodon 7/10/2023
VIRGINIA M. REGODON
Chief, Land Records Section
DENR-MIMAROPA




NOTE:
All corners marked "Old BL" are cyl. conc. mons. 15 x 60 cm.
All corners not otherwise described are PS cyl. conc. mons. 15 x 60 cm.
Subdivided as per Order of Court of First Instance of Or. Mindoro, Branch II, Pinamalayan, dated Nov. 21, 1974.
For bearings and distances of courses and areas see lot description forms.
Lots 1 to 63 are equivalent to Lots 1224 to 1286 respectively, Cad-177, Bongabon Cadastre.

Cadastral Survey Deposit in the amount of ₱194.70 was paid under O.R. No. 2406212 dated July 16, 1973.

63 lots Cov/Covs.

# SUBDIVISION PLAN

OF LOT 844
Cad-177, BONGABON CADASTRE
AS SURVEYED FOR
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
VS.
GERTRUDES ISLER ET AL
SITUATED IN THE
SITIO OF MARAROG
BARRIO/~~DIST~~. OF ANILAO
MUN./~~CITY~~ OF BONGABON
PROVINCE OF OR. MINDORO
ISLAND OF MINDORO

CONTAINING AN AREA OF 3187755 SQ. M.

BEARINGS: TRUE
SCALE 1: 8000

0 100 200 400 800 M.

*I certify that this is a correct plan of the land survey herein plotted in accordance with the original field notes and computations herewith submitted to the Bureau of Lands; that the data of said field notes were obtained from actual measurements and observations of the property whose boundaries were indicated to me by the claimant or his authorized agent; that adjoining owners or claimants were duly notified of the survey; and that the survey was executed by me in conformity with pertinent laws of the Republic of the Philippines and regulations of the Bureau of Lands.*

Date of Survey: DEC. 16-20, 1974

CHRISTOPHER T. ZABALDICA
GEODETIC ENGINEER
Reg. Cert. No.: 3156 Date: 11-13-69
License No.: 0810588 Date: 6-20-75

ORIGINAL SURVEY: APRIL 1921-SEPT. 1923

DEPARTMENT OF ~~AGRICULTURE AND~~ NATURAL RESOURCES
BUREAU OF LANDS
Region Office IV
Manila, Philippines

*I certify that the complete survey returns of the herein described survey, which are on file in this Office, were verified and found to conform with pertinent laws of the Philippines and applicable regulations of the Bureau of Lands. In view thereof, approval of this plan is hereby recommended.*

ELEUTERIO R. PAZ
CHIEF, SURVEY DIVISION

APPROVED:
*This approved plan, however, should not be construed as title to the land.*
Manila, Philippines. Date: June 22, 1976.
For the Director of Lands:

Submitted to Region IV
Manila, July 16, 1975

NARCISO V. VILLAPANDO
ACTING REGIONAL DIRECTOR

| DATE RETURNED | REASON | RECEIVED BY |
|---|---|---|
| 5-19-75 | Withdrawn by the Surveyor no tracing submitted | |
| | Resubmitted | 6-28-76 |

| | Signature | Date |
|---|---|---|
| Position verified by: | | |
| Plotted on P.M. N. E. by: | | |
| Field Notes checked by: | | |
| Computations checked by: | | |
| a. Astronomic: | | |
| b. Traverse: | | 8/27/74 |
| c. Lot data: | | |
| Plotted/inked by: | | |
| Traced by: | | |
| Checked & verified by: | E. Pusong | 6-28-76 |
| Patented ........, 19...... Patent No: | | |
| Decreed ........, 19...... L.R.C. Rec. No. | | |
| Survey No. ...... Cad- ...... Psc- ...... Case | | |
| O.C.T. No. ...... Issued to: | | |
| T.C.T. No. ...... Issued to: | | |

ADDITIONAL INFORMATION AFTER DATE OF APPROVAL:

Csd-04-000574

Printed by: PRUDENCE MERCHANDISING
228 San Vicente, Binondo, Manila
Authorized by: The Bureau of Lands, 1972

Page [redacted] Nar. A. Valle by H. Lolelo

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
Surveys & Mapping Division
MIMAROPA Region

*071023-07*
NOT TO SCALE

Republic of the Philippines
Department of Natural Resources
BUREAU OF LANDS
REGIONAL LAND OFFICE NO. IV-A
757 Gen. Solano St., San Miguel
M a n i l a

BUREAU OF LANDS
RECEIVED
10-24-77
MINDORO

20 October 1977

The District Land Officer
District Land Office No. IV-A-6
[illegible], Oriental Mindoro

S i r :

Messrs. Petronilo Rotord and Florentino Moral, survey claimants of Lot Nos. 39 and 43, respectively, of CSD-04-000574, Bongabon Cadastre, today came to this Office for assistance in their efforts to have their respective lots titled.

Furnished you herewith are certified true copies of the approved plan covering their respective lots. Also, they will present to you the corresponding Technical Descriptions of their respective lots.

May we request you to assist and give them guidance in the filing of their applications for patent for the aforementioned lots.

Very truly yours,

For the Regional Director:

JOSE B. OCADO
Administrative Officer
JBO/vbd

204-A

Encls.

Civil Registry Form No. 2A
[Death Available]

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Bongabong

**OFFICE OF THE MUNICIPAL CIVIL REGISTRAR**

MUNICIPAL CIVIL REGISTRY OFFICE ★ KUTA 16TH CENTURY ★ BONGABONG OR. MINDORO

# DEATH CERTIFICATE

09 October 2014
[Date]

To whom it may concern:

We certify that, among other's the following facts of death appear in our Register of Death on page 69 of book number 04.

| | |
|---|---|
| Registry number: | # 226 |
| Date of registration: | 10 October 1979 |
| Name of deceased: | **FLORENTINO MORAL** |
| Sex: | Male |
| Age: | 41 y/o |
| Civil Status: | Married |
| Citizenship: | Filipino |
| Date of Death: | 10 October 1979 |
| Place of Death: | Mararog, Bongabong, Oriental Mindoro |
| Cause of Death: | Gastro Enterites |
| This certification is issued to | DARILYN M. GALLOS |

Upon his/her request.

**RENEL M. MALACAPO**
Municipal Civil Registrar

Verified by:

**ESPERANZA A. MANGARIN**
Administrative Aide IV

MUNICIPAL CIVIL REGISTRAR - BONGABONG OR. MINDORO

Amount Paid: 50.00
O.R. Number 5862201
Date Paid: 09 October 2014
Note: A mark erasure or alteration of any entry invalidates this certification

## KASULATAN NG PAGLILIPAT NG KARAPATAN NG LUPANG WALANG TITULO

DAPAT TALASTASIN NG LAHAT:

Kami, FEDELINA MORAL, BERNARDO MORAL, ADELIA MORAL, CONCEPCION MORAL, DARILYN MORAL, ESPERANZA MORAL, FLORENCIA MORAL, at FILCANO MORAL, lahat ay may mga sapat na taong gulang at naninirahan sa Nararog, Sagana, Bongabong, Silangang Mindoro matapos makapanumpa alinsunod sa ipinag-uutos ng batas ay malayang nagsasalaysay ng mga sumusunod:

Na kami ang mga legal na tagapagmana ng yumaong FLORENTINO MORAL na namatay noong ika-10 ng Oktubre, 1979;

Na ang nasabing FLORENTINO MORAL ay may naiwang isang palagay na lupang walang titulo na makikilala bilang Loto Numero 43, Csd-04-000574-D na kapareho ng Lote Bilang 1266, Cad. 177, Bongabong Cadastre at matatagpuan sa Nararog, Sagana, Bongabong, Silangang, Mindoro na may sukat o lapad na 55,899 metro kuadrados;

Na ang nasabing lupa ay natatamnan ng mga niyog, saging, mangga at mangga na sa ngayon ay namumunga na;

Na dahil at alang-alang sa halagang TATLONG LIBONG (₱3,000.00) PISO at dahil na rin sa mahigpit naming pangangailangan upang maipagpaunlad ng nabanggit na lupa na sa amin ay ibinayad at ipinagkaloob ng mga tagapagmana ng yumaong ANTONIO MORAL, na kinakatawanan ni AURORA MORAL ay aming ISINASALIN, INILILIPAT AT IPINAGKAKALOOB ang lahat naming karapatan sa bahaging 15,899 metro kuadrados sa nasabing mga tagapagmana ni ANTONIO MORAL, kasama ang lahat ng mga kabuhayan na matatagpuan sa nasabing lupa;

Sa KATUNAYAN ng lahat ay lumagda kami ngayong ika-11 ng Agosto, 1994 ng aming mga pangalan dito sa Nararog, Sagana, Bongabong, Silangang Mindoro.

| | | |
|---|---|---|
| FEDELINA MORAL | BERNARDO MORAL | ADELIA MORAL |
| CONCEPCION MORAL | DARILYN MORAL | ESPERANZA MORAL |
| FLORENCIA MORAL | FILCANO MORAL | |

NILAGDAAN SA HARAP NINA:

1. Aurora Moral ____________  2. Jose Moral ____________

SUBSCRIBED AND SWORN to before me on the date and place stated above.

NESTOR N. GUASAY
Special Investigator I

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
REGION IV MIMAROPA
COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
San Mariano, Roxas, Oriental Mindoro

DENR, Lands

**(PRELIMINARY INVESTIGATION)**
**SUBJECT:**

| | | |
|---|---|---|
| FEDELINA MORAL | X | Lot No. 45, Csd-04-000574 |
| CONCEPCION MORAL | : | |
| DARILYN MORAL | : | |
| Claimant-Protestant | : | Sagana, Bongabong, Or. Mindoro |
| - VERSUS - | : | |
| | : | Area: 5.5898 Has. |
| DIVINO MORAL | : | |
| Claimant-Respondent | : | |
| X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - X | | |

## NOTICE OF HEARING

TO: **FEDELINA MORAL**
**CONCEPCION MORAL**
**DARILYN MORAL**
**DIVINO MORAL**
Sagana, Bongabong, Or. Mindoro

GREETINGS :

You are hereby notified that the hearing of the above-noted case has been calendared on **March 7, 2005 at 9:00 A.M.** or thereabouts, in this Office.

Please bring with you your witnesses and other pertinent documents to support your claims to the land in question.

Issued this 4th day of March 2005 at CENRO-San Mariano, Roxas, Oriental Mindoro, Philippines.

**FAIL NOT UNDER THE PENALTY OF LAW.**

**ERWIN D. TALENTO**
LMO-III/Hearing Officer